



Naghahanda ang Lungsod ng Brampton na muling buksan ang outdoor na mga panlibangang amenidad sa Mayo 22

BRAMPTON, ON (Mayo 20, 2021) – Kasunod ng anunsyo ngayong araw ng Pamahalaan ng Ontario, naghahanda ang Lungsod ng Brampton na ligtas na muling buksan ang mga outdoor na amenidad nito simula sa Mayo 22, 2021.

Outdoor na mga Panlibangang Amenidad

Kabilang sa pinapayagang magbukas na mga outdoor na amenidad ang golf courses at driving ranges, soccer at iba pang sports fields, baseball diamonds at batting cages, tennis at basketball courts, lawn bowling at bocce, at BMX at skate parks.

Hindi pinapayagan

Hindi pinapayagan sa panahong ito ang outdoor fitness classes at team sports (kabilang ang pagpraktis) sa mga field o mga court na hindi pinapayagan sa panahong ito. Nananatiling sarado ang mga outdoor na pool at splash pads.

Para sa karagdagang impormasyon at bookings, bisitahin ang www.brampton.ca/recreation

Mga Pagtitipon-tipon ng mga Tao

Ang outdoor na mga limitasyon para sa pagtitipon-tipon at inorganisang mga pampublikong event ay pinapahaba hanggang limang tao, na nagpapahintulot na mabuksan ang mga outdoor na amenidad na ito para gamitin sa hanggang limang tao, kabilang ang mga miyembro ng iba't ibang sambahayan.

Update sa mga pamamaraan ng public health

Ang bagong inanunsyo ng Lalawigan na [Roadmap sa Muling Pagbubukas](#) ay tatlong hakbang na plano para ligtas at maingat na muling bubuksan ang lalawigan at dahan-dahang tanggalin ang mga pamamaraan ng public health batay sa rate ng pagbabakuna sa buong lalawigan at mga pagbuti sa mga mahalagang indicator ng public health at ng pangangalagang pangkalusugan.

Ang kapwa [Panlalawigang deklarasyon ng emergency](#) at ang kautusan na manatili sa bahay ay mananatili hanggang sa di mas maaga sa Hunyo 2, 2021. Ang kautusan na manatili sa bahay ay nag-aatas sa lahat na manatili sa bahay, maliban kung para sa mga napakahalagang layunin, tulad ng pamimili sa grocery store o botika, pag-access sa mga serbisyo sa health care, para sa ehersisyo o para sa napakahalagang trabaho.



Basahin ang News Release ng Lalawigan [dito](#).

Mga serbisyo at pasilidad ng Lungsod

City Hall at Corporate na mga Pasilidad

Mananatiling bukas ang City Hall at corporate na mga pasilidad para sa personal na mga serbisyo batay sa appointment lamang, Hindi pinapayagan ang mga walang appointment. Para mag-book ng appointment, bisitahin ang www.brampton.ca/skiptheline.

Mga Sentrong Panlibangan ng Lungsod at mga Outdoor na Amenidad

Ang lahat ng mga panlibangang pasilidad ng Lungsod ng Brampton ay mananatiling sarado sa publiko at patuloy na suspendido ang mga indoor na programa hanggang sa karagdagang abiso.

Mga Pagbabakuna-

Ang lahat ng mga indibidwal na 12 taon o higit pa na naninirahan, nagtatrabaho, o pumapasok sa paaralan sa Peel, kabilang ang Brampton, ay pwede na ngayon na i-book ang appointment sa bakuna sa COVID-19 sa piling mga klinika. Ang mga appointment para sa mga indibidwal na 12 hanggang 15 taong gulang ay kailangang [i-booked online](#) gamit ang booking system ng Rehiyon ng Peel. Kung ang isang tao ay nangangailangan ng tulong sa pagbook, pwede silang tumawag sa Vaccination Line sa COVID-19 ng Rehiyon ng Peel sa 905.791.5202, 8 am hanggang 8 pm, 7 araw kada linggo.

Para sa pinaka-up-to-date na impormasyon sa mga pagbabakuna ng COVID-19, bisitahin ang [vaccine portal](#) ng Lalawigan.

Mga Link

- [Mga programa at mga update sa serbisyo sa COVID-19 ng Lungsod ng Brampton](#)
- [Lungsod ng Brampton – ano ang bukas, ano ang sarado](#)
- [Mga sintoma ng COVID-19](#)
- [Bakuna sa COVID-19](#)
- [Testing sa Brampton](#)
- [Paano ibukod ang sarili](#)
- [Pagpapanatili sa mga negosyo at mga lugar ng trabaho na ligtas sa panahon ng COVID-19](#)
- [Mga Kaso ng COVID-19 sa Peel](#)

-30-

KONTAK NG MEDIA

Monika Duggal

Coordinator, Media at Pakikilahok sa Komunidad

Strategic na Komunikasyon

Lungsod ng Brampton

905-874-3426 | Monika.Duggal@brampton.ca